# Merry Christmas - Happy New Year


# BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 7, BLG. 6 DAET, CAMARINES NORTE DISYEMBRE 2007"
Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Camarines Norte"
**Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail:**





**nasa loob**


EDITORYAL 4

PIKTORYAL 5


# Rizal Day ipinagdiwang dito

Ipinagdiwang sa lalawigan ng Camarines Norte noong Disyembre 30, 2007 ang ika-111 anibersaryo ng pagiging martir ni Gat Dr. Jose P. Rizal na nakatuon sa

*(Sundan sa pahina 8)*



*Gat Jose P. Rizal*

# Capitol X-mas party pinangunahan ni Gob. Typoco

## mga nagtungo sa kanyang tanggapan binigyan ng papasko








Pinangunahan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ang *Christmas Party* ng pamahalaang panlalawigan na isinagawa noong Disyembre 20, 2007 sa Camarines Norte Agro-

*(Sundan sa pahina 7)*

*Nagbigay ng kanyang mensahe si Gob. Jesus O. typoco, Jr. sa mga kawani at opisyal ng pamahalaang panlalawigan sa isinagawang Christmas Party nito noong ika-21 ng Disyembre na isinagawa sa CN Agro Sports Center. Nagkatuwaan sina Gob. Typoco, Jr. at Bise-Gob. Roy Padilla, Jr, pinalalapit ng huli ang mga kawani sa gobernador na namimigay ng pamasko at papremyo sa mga kawaning lumahok sa mga paligsahan.*

# P15-L 'extra bonus' tinanggap ng mga opisyal at kawani ng Kapitolyo

Tinanggap kamakailan ng may 744 opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan, ang kanilang P15,000.00 *extra bonus* kamakailan. Kabilang sa mga tumanggap nito ay ang mga *casual employees* na nakatalaga sa iba't-ibang kaukulang tanggapan nito.

Ang naturang bonus ay bukod pa sa regular na benepisyong ipinagkakaloob sa kanila tulad ng 13th month pay at P5,000.00 cash gift na una na nilang tinanggap.

Tinatayang umaabot sa kabuuang P11,160,000.00 pondo ang ginugol ng pamahalaang panlalawigan para sa 'extra bonus' na kinuha mula sa nalikom na savings ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan.

Ang pagkakaloob ng naturang benepisyo ay isinulong ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. para magkaroon nang masagana at masayang pasko ang lahat na mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan at ng kanilang mga pamilya.

*(Sundan sa pahina 9)*




*Si PACT Dep. Sec. Purita P. Brinas (CAO-G.O.) sa Bayview Park Hotel habang ibinibigay ang isang package kay Atty. Robert Larga ng ILO habang si DSWD Dir. Finard Cabilao ay nakatingin. Ito ay naglalaman ng aklat na may pamagat na "Protecting the Rights and Dignity of the Trafficked Child in SouthEast Asia, PACTt-shirt, RA 9208 Primer, at isang handbook sa RA 9208 at Impl'g Rules and Regulations nito.*

# World Vision Dev't. Foundation (WVDF) at ABK Initiative

**Magkatuwang na itinaguyod ang palatuntunan para sa mga batang manggagawa at mga batang nanganganib *(children at risk)***

Magkatuwang na itinaguyod ng World Vision Development Foundation (WVDF) at ABK Initiative ang isang palatuntunan para sa mga batang manggagawa at mga batang nanganganib (children-at-risk) na isinagawa kamakailan sa Apolonia Hotel sa bayan ng Jose Panganiban.

Sa unang bahagi nito ay nagkaroon ng "talent presentation" kung saan ipinamalas ng mga naturang kabataan ang kanilang kakayahan at husay sa pag-awit at pagsayaw.

Sinundan ito ng pag-uulat ukol sa mga programa at proyekto na ipinatupad ng ABK Initiative sa lalawigan ng Camarines Norte na pinangunahan ni Felycora Maatubang, ABK Communication Specialist.

Ipinakita rin ng mga kabataang opisyal at miyembro ng Barangay Children's Association (BCA) ang kanilang husay at talento dahil

*(Sundan sa pahina 9)*




*Ang floral offering ng mga kawani ng pamahalaang panlalawigan sa pangunguna ni SP Member Jonah G. Pimentel at ng Knights of Rizal at Columbus sa unang Batanyog ni Gat Jose Rizal bilang pagpupugay sa kanyang pagkamatay para sa bayan.*

## SINO BANG DAPAT SISIHIN?

**ni: Judge Angelo D. Malandra**
**Juvenile and Domestic Relations Court**
**Camden County, New Jersey, USA**
**(Isinalin sa Tagalog ni Gg.Purita P. Brinas, CAO)**

Nakababasa tayo sa mga pahayagan; nakaririnig sa mga radyo at telebisyon
Maraming kaso ng mga patayan, nakawan at krimen kung saan-saan
Bumubuntong-hininga na lang tayo habang mamasdan ang nagiging parang kalakarang ito,
Habang sinasabi sa sarili: "Saan hahantong ang henerasyon ng mga kabataan?
Nguni't nakasisiguro ba tayo na ang kabataan lamang ang dapat buntunan ng sisi sa mga kasalanang nagagawa nang mga ito?
Tayo ba'y hindi kabahagi sa mga pangyayaring ito?
Tayo na nagkaloob ng napakaraming bagay .at libangan na nagbubunsod sa kanilang kapariwaraan?

Sobrang pera; mga bagay na materyal; mga di-makabuluhang panahon
Panooring nakapagpapasilakbo ng damdamin, masidhing pagkagalit at mga krimen
Mga aklat na hindi nababagay na kanilang basahin
Masasamang kaisipan, kasamaan at mga kasalanan
Mga kabataang mas nagaganyak sa barkada at di-makabuluhang pamamasyal
At mga magulang na di matagpuan sa kani-kanilang mga tahanan.

Sino bang gumagawa ng mga pelikula; sumusulat ng mga aklat;
Gumuguhit ng mga larawan ng "gangsters" at mga masasamang-loob
Sino bang gumagawa ng alak; at namamalakad ng mga bars
Ang gumagawa ng mga batas at mga sasakyan
Sino bang gumagawa ng mga drugs na nakasisira ng mga utak
Di ba mga nakatatanda na sugapa sa pagkakakitaan?

Mga delinkwenteng kabataan, sadya nating kinokondena't hinahatulan
Sa kasalanan ng mga matatanda, sila ang binubuntunan at binibintangan?
Sa harap ng mga mapagkondena, ating Mananakop ay nagpahayag
Sa sinumang walang kasalanan, siyang maghagis ng unang bato (sa kabataan)
Sapagka't sa maraming kasong sangkot ang kabataan, nakalulungkot nguni't totoo
Ang titulong "delinquent" o masama, bagay ding ipatungkol sa mga matatanda.

# Konstruksyon ng pineapple packing house patuloy

Hanggang sa kasalukuyan ay patuloy pa rin ang konstruksyon ng *pineapple packing house* sa Brgy. Malasugui, Labo na umaabot sa halagang P700,000.00 na magkatuwang na pinunduhan ng *Department of Agriculture (DA)* at *Labo Progressive Multi-Purpose Cooperative (LPMPC)* na nagbigay ng tig-P350,000.00.

Ang konstruksyon ng *pineapple packing house* ay una nang ipinanukala ng LPMPC sa *DA* na inaprobahan naman ng huli upang mapaunlad at mapalawak ang industriya ng pinyang Queen o Formosa sa lalawigan ng Camarines Norte. Layunin nito na matiyak na ang kalidad ng sariwang pinyang Queen o Formosa ay makapapasa sa mataas na pamantayan ng mga naturang bansa at mahikayat ang iba pang bansa na umangkat ng pinyang Queen.

Sa sandaling matapos ang naturang pasilidad, ang mga produktong pinya mula sa 7 bayan dito ay dadalhin sa naturang *packing house* at isasailalim sa masusing pagpoproseso bago ibiyahe at ibenta sa iba't-ibang bansa tulad ng Japan, Korea, China, Hongkong at iba pang potensyal na merkado sa labas ng bansa. Ang 7 bayan dito na pangunahing pinagmumulan ng pinya ay ang Basud, San Lorenzo Ruiz, Labo, San Vicente, Daet, Mercedes, at Vinzons.

Ang mga produktong pinya sa lalawigan ay isasailalim ng LPMPC sa mga sumusunod na proseso bago ibiyahe palabas ng bansa: sorting (paghihiwa-hiwalay ng pinya ayon sa laki, bigat at gulang), cleaning (paglilinis), trimming (pagputol sa mga sobrang dulong dahon), waxing (paglalagay ng wax), brushing through the air compressor o drying sa loob ng 2 hanggang 3 oras (paglilinis sa pamamagitan ng air compressor o pagpapatuyo sa loob ng 2-3 oras), at packaging (paglalagay sa kahon). Ang mga kinauukulang pineapple exporters

*(Sundan sa pahina 6)*

# Exec. Order No. 663...

*(Mula sa pahina 3)*

ang suporta ng mga LGUs para makamit at mapanatili ang pamantayan sa pagkuha ng mga kinauukulang kawani, tulong-pinansyal, suplay at communication/ advocacy para makamit ang layuning ito.

Dapat namang tiyakin ng DepEd na nakatanggap na ng kumpletong bakuna ang lahat na kabataan na papasok pa lamang sa elementarya (primary school). Kinakailangan din nitong tiyakin na maipabatid sa mga ina ng lahat na kabataan na hindi pa kumpleto ang bakuna, ang naturang programa sa pagbabakuna na ipinagkakaloob ng pamahalaan.

Kailangan namang seguruhin ng DSWD na sa unang linggo ng klase, ang lahat ng mga kabataan sa day care centers (DCCs) at preschools ay nakatanggap na ng kumpletong bakuna.

Itinalaga naman sa CWC ang pakikipag-ugnayan sa DepEd, DSWD, DILG at LGUs upang matiyak na ang lahat na kabataang walang kumpletong bakuna na nasa mga paaralan, DCCs, preschools, at iba pang lugar ay mabigyan ng kumpletong bakuna.

Dapat namang tiyakin ng mga LGUs na bawa't nagdadalantaong ina at sanggol ay mabigyan ng kumpletong bakuna NA WALANG BAYAD. Kailangan din nitong magsagawa ng regular na pagbabakuna sa mga malalayo mang lugar at iba pang mahalagang maternal at child health package services. Ito rin ay dapat magsagawa ng regular na Supplemental Immunization Activities (SIAs) at/o "Child Health Days" na tinukoy ng, at alinsunod sa pamantayan ng Department of Health (DOH).

Hinihikayat naman ng pamahalaang nasyonal ang lahat na miyembro ng civil society, non-government organizations (NGOs), professional organizations, at iba pang kinauukulang grupo na suportahan ang programang "Bakuna ang Una sa Sanggol at Ina", sa pamamagitan ng pagpapatibay ng mga resolusyon, liham, at iba pang uri ng pagpapaabot ng impormasyon, sa lahat na miyembro ng kani-kanilang organisasyon. ***LT IBASCO***

# Exec. Order No. 663 ni GMA, "Bakuna ang Una sa Sanggol at Ina" ipinag-utos


President GM Arroyo

Sa bisa ng Executive Order No. 663 ay ipinag-utos ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang pagpapatupad sa programang "Bakuna ang Una sa Sanggol at Ina". Ito ay bilang suporta at pakikiisa sa layunin ng World Health Organization (WHO) na mapuksa ang measles at neonatal tetanus, labanan ang polio, makontrol ang paglaganap ng Hepatitis B at iba pang sakit na maaaring maiwasan sa pamamagitan ng pagbabakuna.

Ang kopya ng naturang kaatasan ay ipinadala nito at tinanggap kamakailan ng mga kinauukulang pambansang ahensya at tanggapan, local government units (LGUs), at iba pang kinauukulang sangay ng pamahalaan na katuwang sa implementasyon ng naturang programa.

Tinukoy rin sa naturang kaatasan na sa isinagawang malawakang "measles vaccination campaign" ng Pilipinas noong 2004 na tinawag na "Ligtas Tigdas 2004", naitala ang 96% pagbaba ng measles cases and deaths.

Binigyang-diin din na ang eliminasyon, paglaban at pagkontrol sa mga sakit na tumatama sa mga kabataan na maaaring maiwasan sa pamamagitan ng pagbabakuna ay kinakailangang 95% ng populasyon ng mga kabataan na dapat na fully vaccinated bawa't taon; at 80% naman ng mga nagdadalantaong ina ay dapat mabakunahan ng tetanus toxoid para maprotektahan ang mga bagong silang na sanggol laban sa neonatal tetanus, at ang lahat na kaso ng mga sakit na maiiwasan sa pamamagitan ng bakuna (vaccine-preventable disease) ay dapat na matukoy, mapag-aralan at maiulat sa tamang panahon.

Layunin din ng naturang kaatasan na magsama-sama ang pamahalaang nasyonal, ang mga ahensya, mga LGUs, at iba pang sektor ng pamayanan upang suportahan ang pambansang pangako na maipatupad ang programang "Bakuna ang Una sa Sanggol at Ina".

Ang implementasyon nito ay pangungunahan ng Department of Health (DOH) katuwang ang mga sumusunod: Department of the Interior and Local Government (DILG), Department of Education (depEd), Department of Social Welfare and Development (DSWD), Council for the Welfare of Children (CWC), Local Government Units (LGUs), at; mga samahang pangsibiko.

Ang DOH ay magbibigay ng pondo para sa pagbili ng dekalidad na bakuna para sa lahat na karapatdapat na mamamayan. Ang mga LGUs naman ay magkakaloob ng pondo para sa pagbili ng auto-disabled needles at syringes para sa pagbabakuna; gastusin para sa pagtungo ng mga health staff sa mga benepisaryo ng programa at mabakunahan ang lahat na mga sanggol, kabataan at ina gayundin ang pagpapatupad sa iba pang kaugnay na gawain. Ang lahat na health workers kasama ang mga doktor, nars at komadrona ay dapat na aktibong makilahok sa pagbibigay ng libreng bakuna saanmang lugar.

Bilang karagdagan, ang DOH ay nakatalagang magsagawa ng mass measles vaccination campaign para sa mga kabataan sa buong bansa na may edad 9 na buwan hanggang 48 buwan o 2 taon. Ito rin ang bubuo at magpapakalat ng mga gabay at pamamaraan sa pagpapatupad ng naturang programa kasama na ang pagpapakilala sa mga bagong bakuna batay sa pag-aaral na isinagawa ng technical working group (TWG); pagbibigay ng tulong-teknikal sa mga LGUs; pagsasagawa ng national/regional advocacy at social mobilization activites; pagbibigay at pamamahagi sa angkop na panahon ng mga kinakailangang bakuna (vaccines); at pagsubaybay sa pagsumite ng ulat sa lahat na aktibidad ng LGU health system.

Ang DILG naman ang kikilos para makuha

(Sundan sa pahina 2)





## E D I T O R Y A L

# Regulasyon sa mga internet cafès at mga kapareho nito isulong at suportahan!

Ang kalakaran tungo sa globalisasyon patunay ang napakabilis na pandaigdigang pagsulong ng teknolohiya sa impormasyon kung saan para nang kabute ang mga internet/cyber cafés, mga camera equipped-mobile phones ó cellphones at iba pang ***information technology (IT) equipment*** kahit dito sa ating lalawigan, ay sobra nang nakababahala. Halos lahat, mapamag-aaral sa elementarya, sekondarya ó kolehiyo man, magsasaka, ***tricycle drivers***, katulong, tubero, mga kawani, propesyonal, mayroon nang mga ***mobile phones*** na ito. Marami ring mga kabahayan natin ang mga may ***internet connections*** na, kung kaya't madali nang naka-***access*** sa kahit ano na lang "***sites***" nito. Dati, ang mga ito ay ginagamit sa mga gawaing pagsasaliksik lamang. Ngayon, hindi napapansin ng mga magulang, ang kanilang mga anak ay nalilibang na rin sa ***chatroom*** nito, ó sa ***friendsters, internet gaming, cybersex*** ó ***pornographic sites*** at iba pang ***violent, satanic*** ó ***sin sites*** sa internet, at hindi na nakapag-aaral. Napakadali na ma-access ang ***pornograpiya*** sa pamamagitan ng ***cybersex***, lalong higit ang ***trafficking*** kung saan: 1) mapagganyak ang kanilang mga mapagsamantalang kausap na hindi naman nila kakilala; 2) ang dating ***mail-order bride*** mas napadadali ang contact; 3) may "anonymity" sa malalaswang transaksyong nagaganap dito; 4) bayad sa gawaing kalaswaan ay ***electronically transferred*** na rin sa pamamagitan ng membership dito. Halos lahat ng transaksyon, lalo't higit malalaswa, gamit ang camera nito ay "***just a text away***" lang 'ika nga.

Subali't ang maaga at malimit na pagkakahantad ng mga kabataan sa kalaswaan ay hindi makabubuti sa kanyang yumayabong na sekswalidad kung saan nagdudulot ito ng kawalan ng awa sa biktima, nakaiimpluwensya sa mapang-abuso at marahas na gawing sekswal, tulad ng pangmomolestya sa kapwa kabataan, panggagahasa at paglaganap ng krimen at karahasan. Ito ay sobrang nakababahala, na kinakailangan na ang sama-samang pagkilos ng lahat upang mabigyan ng proteksyon ang mga ***vulnerable*** na mga kababaihan at mga kabataan sapagka't marami na ang nalilihis dito ng landas.

Maaaring huli, subali't kahit papaano ay makabubuti pa rin kung sa kabila ng kawalan ng batas na umiiral ay magkakaroon tayo ng regulasyon sa mga operasyon ng mga ***IT establishments*** dito at malalapatan ng kaukulang kaparusahan ang mga gumagamit at nagsusulong sa kalaswaan at bisyo na nakasisira sa ating lipunan.

Kina Bokal Pamela Pardo-Pujalte, Bokal Michael Canlas, Bokal Lino P. Regala at Bokal Jonah G. Pimentel, at iba pang magigiting na miyembro ng Sangguniang Panlalawigan, ang pagpapasalamat ng mga ***advocates*** lakip ang pag-asa na ang ordinansa dito ay ganap nang maipapasa. Tunay na kailangan po ang tulong at pagkilos ng lahat upang matigil ang paglaganap ng salot sa lipunan. ***/sn***

# Trees for Life Project inilunsad ng DENR



*Engr. Leopoldo P. Badiola*

Dumalo si Engr. Leopoldo P. Badiola, hepe ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division Governor's Office (EERMD-GO)* bilang kinatawan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr sa paanyaya ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR)* sa paglulunsad ng *Trees For Life Project* na ginanap sa Brgy. Bibirao, Daet, kamakailan.

Sa palatuntunang idinaos, binasa ni Engr. Badiola ang mensahe ng Gobernador. Ipinahatid nito sa kanyang mensahe na napakalaking suliranin ng buong mundo ngayon ang "global warming" at ang pagtatanim ng puno ang pangunahing solusyon dito. "Sana ang pagtatanim ng mga puno ay di tuwing may okasyon lamang, *Lets make tree-planting a way of life.*", dagdag pa ng Gobernador.

Pagkatapos ng maikling programa, nagkaroon ng tree planting sa naturang barangay. Kasama ang ilang tauhan ng EERMD-GO. Itinanim ni Engr Badiola ang Governor Jesus O. Typoco, Jr Tree. Kasabay din niyang nagtanim ng puno ang mga matataas na opisyal ng DENR mula sa Region 5, Legaspi City, mga opisyales at empleyado ng iba't ibang ahensya ng pamahalaan, mga estudyante mula sa iba't ibang paaralan dito sa Daet, *non - government organizations (NGOs), peoples organizations (PO)*, at iba pa.

Aug *Trees for Life Project* ay inilunsad ng DENR sa rehiyong Bikol sa pamamagitan ng pagtatanim ng puno sa bawa't isa sa apat na *"thematic planting areas"* na kinabibilangan ng 1) *protected areas, critical watershed and open lands,* 2) *mangrove and coastal areas,* 3) *agro-forestry areas,* at 4) *urban parks, green campuses, camps* at mga *subdivisions.*

Ang *regional launching* para sa *Protected Areas* ay isinagawa sa *Mayon Volcano National Park*, Sto Domingo Albay; *Mangrove and Coastal Areas* - Prieto Diaz, Sorsogon; *Agroforestrv Areas* - Bula, Carnarines Sur, at; *Urban Parks, Green Campuses, Camps and Subdivisions*-Brgy. Bibirao, Daet, Camarines Norte.

Layunin ng *Trees for Life Project* na makapagtanim ng 20 milyong puno sa buong bansa simula Hulyo - Disyembre 2007 sa pakikipagtulungan ng lahat bilang suporta sa *Green Philippines Program* ni Pangulong Gloria Macapagal- Arroyo.

Aug *Green Philippines Program* ay ipinatutupad di lamang para maibalik ang naglahong kagubatan ng bansa kundi makatulong sa paglinis ng *greenhouse gases* sa kalawakan upang sa gayon, makapag-ambag tayo sa kampanya ng lahat ng bansa na labanan ang *global warming*. (**GONZALO C. BINAY**)




***Ang pagbubukas ng OPAG FITS (Farmers Information and Technology Services) Center na matatagpuan sa 3rd Flr Capitol Annex. Ang naturang inagurasyon ay dinaluhan ng ilang opisyal mula sa Bicol University, CSSAC, CNSC, Dep't. Of Agriculture RO V at pamahalaang panlalawigan sa katauhan nina Prov'l. Admin. Nap Malaluan, PA Rodolfo Salamero at SP Member Romeo Marmol.***

PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL
BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

**EDITORIAL BOARD:** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

**EDITORS:** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Caneth A. Idioma, opinion; Luigi Martin P. Querubin, official photographer; Wilson V. Porcincula, art/design .

**REPORTERS:** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports– Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider.

**OFFICIAL PHOTOGRAPHER** – Luigi Martin P. Querubin.

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MCAD-Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; PCSSDD-Caneth A. Idioma; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism -Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Mga piling larawan






***1)** Ang pamamahagi ni Sec Nonoy Andaya ng pamaskong handog ni PGMA sa mga kapus palad na mamamayan ng Camarines Norte kasama niya rito si RD Jimmy Rebustillo ng DSWD, R.O. V at Prov'l. Administrator Nap Malaluan; **2)** Ang panunumpa ng bagong pamunuan ng Sangguniang Kabataan Federation ng lalawigan nang sila ay humarap upang pasumpain ni Gob. Jesus Typoco, Jr sa kanyang tanggapan; **3)** Ang mga Boy & Girl Officials kasama si Gov. Typoco, Jr.**4) & 5)** Mga nagsipamaskong mga kababayan sa Tangapan ng Gobernador **6)** Sa Bayview Park Hotel kamakailan nang sina Ms. Stella Echano-Gaban-Program Coordinator, Terres des Hommes-Netherlands; Atty. Grace Quintana- DOJ-IACAT Secretariat; Ms. Estrella Lajom – Department of Foreign Affairs; Fmr. DSWD USec. Lourdes Balanon; PACT Vice Chair Mirali Mendoza-Durr ng Meriam (Maryknoll) College Foundation; DSWD Dir. Finard Cabilao; PACT Dep. Sec. Purita P. Briñas (CAO-G.O); Atty. Robert Larga ng ILO, na nagsipag-pose pagkatapos matanggap ang packages galing sa PACT noong Soft Launch ng aklat na may pamagat: Protecting the Rights & Dignity of the Trafficked Child in Southeast Asia. **7)** Tinanggap ni Jervis delos Santos ng PTO mula kay SP Member Jonah Pimentel ang kanyang premyo sa pa-raffle ni Gob. Typoco, Jr sa harap ni SM Deo Trinidad ng DWCN-FM, sa isinagawang Christmas Party ng kapitolyo.*


















# Konstruksyon ...

*(Mula sa pahina 2)*

(nagluluwas ng pinya) ay magbabayad naman ng minimal na halaga para sa serbisyong ibibigay ng LPMPC.

Tinatayang umaabot sa may 2,409 ektaryang lupain ang epektibong pinagtataniman ng pinya ng may 2,392 magsasaka sa lalawigan, ayon kay *Supervising Agriculturist* Melchor R. Briñas, hepe ng *Crops Division* ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* na siya ring *Provincial Pineapple Coordinator*. Ang industriya ng pinya rito ay isinusulong sa pamamagitan ng mga sumusunod na kinauukulang *municipal pineapple coordinators*: Fidel R. Octa – Basud, Sylvia Quintela – Daet, Alicia V. Sismundo – Labo, Isabel P. Ferrer – Mercedes, Josefina P. Salvino – San Lorenzo Ruiz, Domingo Baloloy – San Vicente, at; Kristina A. Balane – Vinzons. ***LT IBASCO***

# Exposure trip to museums

Nagkaroon ng *exposure trip* sa iba't-ibang mga *museums* sa Metro Manila para sa *cultural museum education*, ang mga *museum workers* ng G.O.-Museum, Archives and Shrine Curation Division kaugnay sa pagdiriwang ng *National Museums Month*, noong ika-22 hanggang ika-26 ng Oktubre, 2007. Limang (5) araw na naglibot ang mga kawani sa mga sumusunod na *museums*:

1. *Ayala Museum of Philippine History and Iconographic Archives, Makati Ave., MM* kung saan, dito makikita ang mga *Dioramas* ng *Philippine History.*
2. *Metropolitan Museum of Manila, Bangko Sentral ng Pilipinas Complex, Roxas Blvd., MM* - Matatagpuan dito ang *classical Philippine Goldwork* at *Pottery* ng 8th hanggang 13th *century*.



May mga *sculptures with Braille*, tampok ang mga likhang sining, litrato at mga *memorabilia* kabilang na ang mga *interaction*

*(Sundan sa pahina 8)*









Ang Joint Session ng Sangguniang Panlalawigan at Boy & Girl officals na kani-kanilang counterpart na isinagawa sa session hall na pinangunahan ni Vice Gov. Roy Padilla, Jr.;Ang 12 contestants sa Essay Writing at ang 6 coaches kasama sina: Dr.Marilyn Naing, Evelyn Anifelipe at Pang. Trining Relloso ng Soroptimist Int'l kasama si Gg. Purita P.Briñas (CAO-GO) kaugnay ng patimpalak para sa pagdiriwang ng Int'l Day Against Child Trafficking; Ang mga contestants habang nagsusulat ng essay na may temang *Uphold and Protect the Rights and Dignity of the Trafficked Child; Larawan ng istrimer ng Soroptimist Int'l na nasa bakod ng Camarines Norte State College kaugnay ng nasabing pagdiriwang*

# Soroptimist International-Daet

## *Nakiisa sa pamahalaang panlalawigan sa paggunita sa Dec. 12: "International Day Against Child Trafficking"*

Bilang pakikipagtulungan at pakikiisa ng *Soroptimist International- Daet* sa Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte, pinamahalaan nito kamakailan ang *Essay Writing Contest* na may temang: *"Uphold and Protect the Rights and Dignity of the Trafficked Child"*.

Ito ay kaugnay sa selebrasyon ng *"International Day Against Child Trafficking"*, isang aktibidad na isinasagawa rito sa Pilipinas at sa buong mundo sa layunin na mabigyan ng proteksyon at kalinga ang mga kaawa-awang *trafficked children* (kabataang mga kinalakal o pinagkakitaan ng pera) na sa murang edad ay nagkaroon ng hindi kanais-nais na karanasan sa buhay. Layunin din nito na maipaalaala sa sangkatauhan na sila ay may normal na kaisipan at damdamin na nagnanais magkaroon ng tahimik, maunlad at normal na pamumuhay. Sila ay mga kabataan na itinuturing na pag-asa ng bayan kaya dapat silang tulungan upang maging produktibong mamamayan sa hinaharap.

Ang nasabing paligsahan ay nilahukan ng 12 mag-aaral sa hayskul (paaralang sekondarya) mula sa *Camarines Norte State College (CNSC) Main Campus, CNSC Abaño Laboratory School, Vinzons Pilot High School, Moreno Integrated High School, Alawihao High School at Mercedes High School*. Ito ay ginanap sa *CNSC Main Library* noong ika-7 ng Disyembre 2007 simula ika-9 hanggang ika-10:30 ng umaga.

Bago ang *contest proper*, ang *criteria* at *mechanics* ng paligsahan ay inilahad ni Gng. Trinidad Relloso, *Municipal Agriculturist*-Basud at pangulo ng *Soroptimist Club*. Ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod: *Relevance to the theme*–40%, *Context*-30%, *Originality*– 20%, at; *Mechanics*–10% na may kabuuang 100%. Nagbigay rin ng maikling pananalita si *Community Affairs Officer* Purita P. Briñas ng Pamahalaang Panlalawigan ukol sa layunin at kahalagahan ng programa na itinataguyod ng mga pamahalaang lokal sa lalawigan.

Naging hurado sa naturang paligsahan sina Gg. Reby Jardin-Cuaño, Kalihim ng Sangguniang Panlalawigan (SP), Dr. Marilyn Naing, kinatawan ng Soroptimist International-Daet at Erlinda Porcincula, PhD, Vice President for Academic Affairs-CNSC. Ang mga nagwagi na sina: Mia Kristine M. Lopez ng CNNHS-Unang Gantimpala; April Joy K. Salalima ng CNSC Abaño Laboratory High School-Ikalawang Gantimpala, at; Lalaine S. Quintela ng VPHS-Ikatlong Gantimpala, ay inihayag sa culminating program na isinagawa noong Disyembre 12, 2007 sa Central Plaza Atrium, Central Plaza Mall sa Brgy. Lag-on, Daet kaugnay sa taunang pagdiriwang ng *International Day Against Child Trafficking*. Sa coaches ng mga mapapalad na mag-aaral ay sina: Ms. Flordeliza B. Siguenza, G. Sherwin T. Auman, at Ms. Emilia A. Tio, ayon sa pagkakasunud-sunod. Ibinigay ang kaukulang premyo sa mga nagwagi at sertipiko para sa lahat na lumahok sa paligsahan na ipinagkaloob ng ***Philippines Against Child Trafficking (PACT)***, trophy na galing kay Bokal Pamela Pardo-Pujalte ng Sangguniang Panlalawigan, at ng ama ng pamahalaang panlalawigan Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ***EVELYN A. ANIFELIPE, Secretary, Soroptimist International-Daet.***

# Capitol X-mas party...

(Mula sa pahina 1)

Sports and Cultural Center.

Nakiisa rin sa okasyon sina Bise Gobernador Roy A. Padilla, Jr., Basud Mayor Silverio G. quiñones III, San Vicente Mayor Stanley G. Alegre, Vinzons Mayor Oliver Ferrer, SK Provincial Federation President, at iba pa.

Itinampok muli rito ang Pamaskong Handog ni Gob. Typoco, Jr. kung saan nagpa-raffle ng mga home appliances and furnitures. Nagkaroon din ng paligsahan sa pag-awit, pagsayaw at iba pa kung saan ang butihing gobernador din ang nagkaloob ng mga kaukulang papremyo. Maliban dito, sinagot din ni Gob. Typoco, Jr. ang litson at inumin sa naturang okasyon.

Samantala, hindi lamang mga opisyal at kawani ng Kapitolyo ang pinapaskuhan ng gobernador. Pinagkalooban din niya ng kaukulang halaga ang mga kabataan at nakatatanda na nagtungo sa kanyang tanggapan noong Disyembre 20-21, 2007.

Matatandaan na ito ay isinasagawa ni Gob. Typoco, Jr. taun-taon tuwing buwan ng Disyembre upang mapasaya ang kanyang mga kababayan. ***LT IBASCO***

# Tatlong trak na may kargang bato at buhangin hinuli ng mga tauhan ng EERMD-G.O.

Tatlong (3) trak na may kargang bato at buhangin ang hinuli ng mga tauhan ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division–Office of the Governor (EERMD-GO)* sa magkahiwalay na lugal sa bayan ng Capalonga noong Oktubre 16, 2007.

Ayon sa ulat ni *Environmental Management Specialist I Christopher* Obra ng EERMD-GO kay Engr. Leopoldo P. Badiola, hepe ng nasabing dibisyon, ang 2 trak na may plakang EAZ-347 at UGG-186 na kapwa pag-aari diumano ni Efren Villamonte ay hinuli sa Brgy. Itok. Samantalang ang isa namang trak ay sa pangalan ni Jesus Balce na nahuli sa Brgy. Poblacion sa nabanggit ding bayan.

Ang kargang bato at buhangin ng mga hinuling trak ay kinuha diumano sa mga concession areas nina Lindsey Retiro sa Brgy. Ubang na may Permiso Blg. 31-2007 at Jesus Balce sa Brgy. Itok na may Permiso Blg. 28-2007.

Ang mga nasabing trak ay may dalang delivery receipt ngunit napag-alaman na ang mga ito ay blanko. Walang nakasulat na impormasyon kung ilang kubiko ang kargang materyales, kung kanino at saan ito kinuha, at saan ito dadalhin o ibebenta.

Ang di-paglalagay ng mga naturang impormasyon sa *delivery receipt* na dala ng trak na may kargang mga bato at buhangin ay paglabag sa *Section 1, Article V* ng *Provincial Ordinance No. 09-92.*

Samantala, sa kasunod na pagsubaybay na isinagawa rin ng mga tauhan ng GO-EERMD sa nasabing bayan noong Oktubre 18, 2007, tatlong (3) trak na may kargang bato at buhangin ang muling nadakip sa Brgy. Itok.

Ayon sa ulat ni *Community Development Assistant II* Ramon C. Cootauco, ang kargang materyales ng mga nadakip na trak ay kinuha sa Brgy. Itok samantalang ang dala nilang delivery receipt ay galing naman kay Lindsey Retiro na ang permitted area ay sa Brgy. Ubang sa bayan pa rin ng Capalonga.

Ang mga nahuli ay pinapagbayad ng kaukulang multa ayon sa itinatadhana ng nabanggit na ordinansa. (***Gonzalo C. Binay, EERMD-G.O.)***



***Ang pamunuan ng Museum Archives Curation Division sa pangunguna ni Abel Icatlo kasama ang mga lumahok sa isinagawang Oratorical Contest kaugnay ng paggunita sa kamatayan ni Gat Jose Rizal, kasama rin dito ang nagsilbing hurado na sina Engr. Pol Badiola, Romy Rellermo at ang mga coaches ng mga kalahok.***

# List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement: Training | Qualification /Requirement: Eligibility | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Instrument Man | 7010 | 5 | | 1 | PGCN | High School graduate or completion of relevant vocational/trade course | None required | None required | None required (MC 11, s.96-Cat. III) | |
| Engineer III | 7018 | 19 | | 2 | PGCN | Bachelor's degree in Engineering relevant to the job | Two (2) years of relevant experience | Eight (8) hours of relevant training | R.A. 1080 | |
| Administrative Officer IV (Accountant II) | 5020 | 15 | | 2 | PGCN | Bachelor's degree in Commerce/ Business Administration major in Accounting | One (1) year of relevant experience | Four (4) hours of relevant experience | R.A. 1080 | |
| Administrative Assistant II (Clerk IV) | 8010 | 8 | | 1 | General Services Office | Completion of two (2) years studies in college | One (1) year of relevant experience | Four (4) hours of relevant training | C.S. Sub-professional | |
| Provincial Warden | 1013 | 22 | | 2 | PGCN | Bachelor's degree | Three (3) years of relevant experience | Sixteen (16) hours of relevant training | C.S. Professional | |
| Admin Aide IV (Clerk II) | 4016 | | | 1 | PGCN | Completion of two-year college studies | None required | None required | C.S. Sub-professional | |
| Admin Aide I (U.W.I) | 4095 | | | 1 | PGCN | Must be able to read and write | None required | None required | None required | |
| Casual Admin Aide II (Clerk I) | | | | 1 | PGCN | Completion of two-year college studies | None required | None required | C.S. Sub-professional | |
| Admin Aide VI (Storekeeper II) | 8007 | 6 | | 1 | GSO | Completion of two (2) years studies in college | None required | None required | C.S. Sub-professional | |
| Admin Aide IV | 4017 | 4 | | 1 | PHO | Completion of two (2) years studies in college | None required | None required | C.S. Sub-professional | |
| Computer Operator IV | 7066 | 14 | | 2 | PEO | Completion of two (2) years studies in college or High School Graduate with relevant vocational/trade course | Three (3) years of relevant experience | 16 hours of relevant training | C.S. Sub-professional | |
| Admin Aide III (Clerk I) | 4214 | 3 | | 1 | PHO | Completion of two (2) years studies in college | None required | None required | C.S. Sub-professional | |

***SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV***

## Rizal Day ...

(Mula sa pahina 1)

temang, "Ang Diwa ng Kabayanihan ni Rizal ay Buhay".

Una rito, ipinalabas ni Kgg. Jesus O. Typoco, Jr. ang Atas Tagapagpaganap Blg. 2007-26 na nagtatakda ng mga angkop na gawain para sa naturang selebrasyon gayundin ang paggunita sa ika-109 anibersaryo ng pagkakatatag ng unang Bantayog ni Rizal sa buong mundo na itinayo rito sa Daet, Camarines Norte.

Ilan sa mga gawaing isinagawa ng pamahalaang panlalawigan kaugnay nito ay ang mga sumusunod:

1. Oratorical Contest, Disyembre 14, 2007 sa ganap na ika-1:00 ng hapon;

2. Flag raising ceremony, Disyembre 30, 2007 sa harapan ng Provincial Capitol sa ganap na ika-8 ng umaga, at;

3. Floral offering, Disyembre 30, 2007 pagkatapos ng flag raising ceremony - Monumento ni Rizal sa Kalayaan Park at sa Bantayog ni Rizal.

Nakiisa muli sa naturang pagdiriwang ang Knights of Rizal-Daet at iba pang mga kinauukulang tanggapan at samahan sa lalawigan ng Camarines Norte.

Bilang karagdagan, taun-taong ginugunita sa buong bansa ang kabayanihan ni Rizal para sariwain at alalahanin ang mga dakilang ginawa ng ating pambansang bayani. Ito ay sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga angkop na gawain sa iba't-ibang panig ng ating bansa. Sapagkat ang ideya ni Rizal sa pagkakaroon ng tahimik at maunlad na lipunan ay nakasalalay sa imahinasyon ng El Filibusterismo na kung saan ay napagusapan nina Padre Florentino at Simon ang panga-ngailangan sa positibong pagbabago ng isang tao tungo sa pagbabago ng lipunan. ***(AIDA B. PANDEAGUA)***

## Exposure...

(Mula sa pahina 6)

*paintings* ng iba't-ibang mga pintor kabilang na ang mga larawan ng *rock icons*. May *creative* at *sculptural play area* sa mga bata at matatanda gawa ng grupong Sanayang Lapat-Kamay Inc.

3. *National Historical Institute, TM Kalaw* - Makikita ang mga larawang may pirma ng mga bayani ng Pilipinas at ilan sa mga kagamitan ni Dr. Jose Rizal.

4. *San Agustin Museum*, Intramuros, MM - Dito makikita ang mga *paintings* ng mga simbahan, malaking kampana at iba pang mga antigong *religious items*.

5. *Museo Pambata - Roxas Blvd. cor. Smith Drive, MM* - Maraming makikita rito na siguradong magugustuhan ng mga bata. Sa unang palapag matatagpuan ang Bata sa Mundo, Maynila Noon, Kalikasan, samantalang nasa ikalawang palapag ang Tuklas, Pamilihang Bayan, Paglaki Ko, Katawan Ko at *Craft Room*. Ang ibang *facilities* sa loob ng *museum* ay ang *gift shop*, *changing exhibit hall*, *playground area*, at *parking space*.

6. Bahay Tsinoy *(A Museum of the Chinese in Philippine Life)*, Kaisa-Angelo King Heritage Center, Anda cor. Cabildo St., Intramuros, MM. – Dito makikita ang hologram ng mga unang nakapaa, mangmang, mahihirap na mga Tsinoy o Tsinong Pinoy na nagtiyagang maging Pilipino at Chinese na tumira rito sa Pilipinas.

7. *Lopez Memorial Museum, Phil. New York Stock Exchange St., MM.* - Makikita ang mga *archives* ng mga komersyal, dyaryo at babasahin.

8. *Doll Museum, Marikina Sports Park, Sumulong Highway*, Brgy.Sto. Niño, Marikina - Dito matatagpuan ang mga manikang nasa Diorama na nagpapakita ng kultura at tradisyon sa Marikina at sa ibang lugar.

9. *Shoe Museum, JP Rizal St., Brgy. Sta.Elena, Marikina, MM.* - Dito makikita ang 565 pares na sapatos ni Imelda Marcos at sapatos ng mga prominenteng tao sa Pilipinas.

10. *Belen Museum, V. Gomez St., Brgy. Sta.Elena, Marikina, MM* - Matatagpuan ang iba't-ibang koleksyon ng mga Belen.

11. *Miniature Museum, V. Gomez St., Brgy. Sta.Elena, Marikina, MM* - Makikita ang koleksyon ng mga maliliit na bagay na idinesenyo bilang Diorama.

Matapos libutin ang iba't-ibang mga museum sa Marikina ay dumiretso ang grupo sa *Shoe Gallery Riverbanks Mall*, Brgy. Barangka, Marikina, upang makita nila ang pinakamalaking pares ng sapatos sa buong mundo.

Sa kabuuan ay naging makulay at makabuluhan ang isinagawang *cultural tour* na ito bilang isa sa mga gawain sa *Museum's Month* noong Oktubre 2007 na idinesenyo upang maragdagan ang kaalaman ng mga lokal na *museum workers* ng lalawigan sa mga pinakahuling teknolohiya at disenyo.

Para sa kaalaman ng lahat ang *clean up day* ng mga *museums* ay tuwing araw ng Lunes kung kaya't ang *museum tours* ay mulang Martes hanggang Sabado lamang. ***(Aida B. Pandeagua, G.O.-.MASCD)***

# 74 kabataan dito kalahok 25th Boys & Girls Week

Nakiisang muli ang lalawigan ng Camarines Norte sa pagdiriwang ng buong bansa sa Linggo ng Kabataan na tinatawag ding "Boys and Girls Week" (BGW). Ito ay isinasagawa tuwing ikalawang linggo ng Disyembre ng bawa't taon alinsunod sa Presidential Proclamation No. 99.

Ang 25th BGW Celebration dito ay isinagawa simula Disyembre 8 hanggang Disyembre 14, 2007. Magkatuwang itong itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte at Kiwanis Club of Daet, isang non-government organization (NGO) na pangunahing isponsor ng proyektong nabanggit. Ang mga kalahok dito ay pawang mga mag-aaral sa sekondarya na napiling kumatawan sa kani-kanilang paaralan.

Ang panimulang gawain nito ay ang 1-araw na oryentasyon at eleksyon ng mga kabataang kalahok dito na isinagawa sa Audio-Visual Production Center (AVPC) ng Provincial Capitol noong Disyembre 8, ganap na ika-8 ng umaga. Matapos ito, ang mga kabataan ay nanungkulan simula Disyembre 10-14 bilang mga boy and girl officials, halal at itinalaga, sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan at pamahalaang nasyonal na nakabase sa bayan ng Daet.

Dito ginawaran ng Governor's Medal ang mga boy and girl officials na nagpamalas ng katangi-tanging kakayahan sa pagganap ng kani-kanilang tungkulin.

Samantala, ang naturang aktibidad ay isinagawa rin ng mga pamahalaang bayan ng Daet, Basud, Labo, at iba pang pamahalaang lokal sa lalawigan.

Bilang karagdagan, layunin ng naturang 1-linggong selebrasyon na maipaalam sa mga kabataan ang iba't-ibang sangay ng pamahalaan, ang kanilang mga tungkulin, mga programa at proyektong ipinatutupad at mga benepisyo kaakibat nito. Kasama rin sa adhikain nito na maitimo sa kaisipan at kamalayan ng mga kabataan ang mga mabubuting asal na dapat taglayin ng isang mabuting lingkod-bayan.

Kaugnay nito, hinihikayat ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang lahat na mga kinauukulang halal at itinalagang opisyal sa lalawigan na makiisa sa naturang selebrasyon at gabayan ang mga kabataang opisyal upang maayos nilang maunawaan at magampanan ang kani-kanilang tungkulin bilang mga munting opisyal ng pamahalaan. ***LT IBASCO***

## Int'l. Day Against Child trafficking ...

(Mula sa pahina 10)

**net/Cybercafes. etc.** na kanyang iniakda. Si Bokal Pujalte ay miyembro ng *SP Committee on Women and Family* at *chairman* ng *SP Committee on Tourism*.

Nagbigay naman ng *inspirational message* si Bokal Teresita DL. Malubay, *Chairperson, SP Committee on Women and Family*.

Pinangunahan din nina Ms. Pua, Bokal Pujalte, Bokal Malubay, *Provincial Social Welfare and Devt. Officer* Lorna C. de Claro at Ms. Trinidad T. Relloso, pangulo ng *Soroptimist International (SI) -Daet*, ang pagbibigay ng mga papremyo sa mga nanalo sa nabanggit na mga paligsahan.

Samantala, isinagawa rin ang *film showing* ukol sa *child trafficking* upang mabuksan ang kamalayan ng publiko ukol sa panganib nito at ang mga ahensyang puwedeng mahingan ng kaukulang tulong.

Matatandaan na ang pagpapatupad ng *Republic Act 9208* o mas kilala bilang "Anti-Trafficking in Persons Act of 2003" ay mas magiging epektibo kung ang bawa't mamamayan ay magkakaisa at kikilos upang labanan ang mga grupong sangkot sa child trafficking o pagluluwas ng mga kabataan para gawing mga manggagawa sa mga pabrika, minahan, gawing busabos at/o dili kaya'y pagbentahin ng panandaliang aliw, pagbentahin ng ipinagbabawal na gamot, pagnakawin, at iba pang mga iligal na gawain.

Karaniwang nagiging biktima nito ay ang mga "vulnerable" na kababaihan at kabataan na nabibilang sa mahihirap na pamilya at kulang sa pinag-aralan na madaling makumbinsi ng mga illegal recruiters dahil sa pangakong maayos na trabaho at pasahod na hindi naman natutupad.

Dahil dito, pinaiigting ng pamahalaan at pribadong sektor ang kampanya kontra *child trafficking* upang maprotektahan ang mga ito at magkaroon sila ng normal at matiwasay na kinabukasan.

Bilang karagdagan, ang selebrasyon dito ng *IDACT* ay itinaguyod ng pamahalaang panlalawigan at PACT at sa pakikipagtulungan ng mga sumusunod: PSWDO, PCWC, *Municipal Social Welfare and Development Offices (MSWDOs), Department of Education (DepEd), Department of Labor and Employment (DOLE), Philippine National Police (PNP), Kabalikat Civicom, Socio-Pastoral Action Center Foundation, Inc. (SPACFI), Department of the Interior and Local Government (DILG), Soroptimist International-Daet Chapter, Good Hands Foundation, World Vision Development Foundation (WVDF),* at iba pang mga samahan na sumusuporta at nagtataguyod sa mga kampanya at programa para sa pagsugpo sa *paglaganap ng child trafficking sa bansa.* ***LT IBASCO***

# FORUM WITH THE FIVE PILLARS isinagawa ng Commission on Prisoners' Welfare

Isa sa mga naging programa ng *Commission on Prisoners' Welfare* sa buwan ng Oktubre ay ang pag-anyaya sa *Five Pillars of the Criminal Justice System* sa isang forum upang matalakay ang sitwasyon at mga problema ng mga detenido, hindi lamang sa Provincial Jail kundi sa lahat ng mga piitan sa lalawigan.

Ang nasabing *forum* ay ginanap noong 25 Oktubre sa Miguel R. Ibana (MRI) Hall sa Mabini Colleges bandang 1:00 n.h. Ito ay dinaluhan ng iba't-ibang kinatawan ng Five Pillars tulad nina: Supt. Enrico F. Amor para sa Law Enforcement, Fiscal Omar Manlapaz sa Prosecution, Hon. Winston P. Racoma sa Courts, Atty. Nestor Buque sa Community, at ang Provincial Warden at Daet District Jail Warden para sa Correctional and Rehabilitation Pillar. Naging panauhing pandangal dito sina Bise-Gob. Roy A. Padilla, Jr. at Kinatawan Liwayway Vinzons-Chato ng lalawigan. Naging moderator at emcee sa nasabing *forum* si *Station Manager* Deo Trinidad ng Radio ng Bayan na isa sa mga aktibong miyembro ng *Couples for Christ*.

Sa pagtalakay ng mga kinatawan ng bawa't *pillar* na kanilang kinabibilangan, sa mga problema, isa-isang ipinaliwanag ng mga ito ang maaring mga kadahilanan kung bakit nababalam ang pagdinig sa kaso ng mga detenido. Ayon kay Fiscal Manlapaz ang mga kadahilanan susog sa pag-aaral ng United Nation ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

1. Corruption sa pillars ng criminal justice system
2. Incompetency
3. Ignorance – unaware of the cause and effect of their action
4. Poor moral and spiritual ascendancy

Ayon naman kay Kgd Dalida, focal person ni Kgd. at Ex-Warden Avecilla, kailangan ang pagkakaisa ng *local government units* at *community* para mapanatili ang *peace process* upang maiwasan ang mga krimen.

Dito'y hiniling ni Hon. Judge Winston Racoma kay Kinatawan Chato na dagdagan ng isang branch sa Regional Trial Court para ma-*accommodate* ang mga kaso sa lalawigan. Aniya, ang bilang ng kaso na dapat hawakan ng isang branch ay 200 lamang pero ito ay umaabot sa 800 kaso sa bawa't branch.

Sa panig naman ng ating mga detenido, hiniling ni G. Fernando Ibis na bigyan ng *humanitarian considera-tion* ang mga me edad na detenido lalo na ang 65 taong gulang pataas, na kung maaari ay ibigay na lang ang pangangalaga sa mga ito sa kanilang pamilya habang nililitis ang kaso. Subali't ang tugon ni Judge Racoma ay walang ganitong probisyon sa batas. Pabiro tuloy niyang sinabi na siguro kung me 20% *discount* ang *senior citizens*, baka maaari ring bigyan ito ng *20% discount* sa sentensiya kung sakaling sila ay masesentensiyahan.

Sa kanilang mga mensahe, kapwa nangako ang Bise-Gobernador at ang Representante na masusi nilang pag-aaralan at gagawan ng paraan upang ang mga problema at hinaing na idinulog sa kanila ay malutasan. Batid nila ang hirap ng buhay ng mga detenido at pipilitin nila na sa mga darating na araw ay magkakaroon ng mga hakbangin upang maaksiyunan ang mga problema, kundi man tuluyang maresolba.

Sa kabuuan, naging matagumpay ang nasabing *forum* sapagka't nagkaroon ng pagkakataon ang lahat na maibigay ang kani-kanyang panig ukol sa mga problema. Ang pagdalo ng Bise-Gobernador at Representante ay nagsilbing morale booster, lalo na sa *Prison Ministry* na hindi tumitigil sa pagsusulong ng mga gawain para sa ikabubuti ng mga detenido. – ***Caneth A. Idioma***

## P15-L 'extra bonus'...

*(Mula sa pahina 1)*

Matatandaan na una nang ipinag-utos ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang pagkakaloob ng P10-L 'extra bonus' sa mga opisyal at kawani ng mga pambansang ahensya at tanggapan bilang insentibo sa kanilang mga natatanging nagawa para sa taong 2007.

Ang naturang 'extra bonus' ay ipinagkaloob sa mga kwalipikadong opsiyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan susog sa Sangguniang Panlalawigan Resolusyon Blg. 439-2007 , ang resolusyon na nag-aproba sa Appropriation Ordinance No. 45-2007 ng pamahalaang panlalawigan. Ang naturang resolusyon ay isinulong ni Bokal Jonah G. Pimentel na sinang-ayunan at inaprobahan ng mayorya ng Sanggunian. ***LT IBASCO***

## Nakikipagsabwatan ...

*(Mula sa pahina 10)*

ceditas N. Gutierrez na kanyang sasampahan ng kaso ang mga tiwaling opisyal at kawani ng pamahalaan na nakikipagsabwatan sa mga *human traffickers*.

Dahilan sa naging matagumpay na paguusig na isinagawa sa mga opisyal at kawani ng pamahalaan, kabilang na ang pagkakatanggal ng mga ito sa serbisyo at pagbawi o hindi pagbibigay sa kanila ng mga benepisyo, umaasa si Gutierrez na ito ay magsisilbing hudyat at/o magbibigay ng isang matinding babala sa mga sindikato sa trafficking o pangangalakal sa tao, na ang pamahalaan ay seryoso sa pagpuksa ng ganitong krimen.

Ang *sub-national conference* ay inorganisa ng *Inter-Agency Council on Anti-Trafficking* o *IACAT* na pinangungunahan ng Kagawaran ng Katarungan o *Department of Justice (DOJ)*, sa tulong ng iba't-ibang samahan tulad ng *United Nations Children's Fund (UNICEF)*, *International Labour Organizations (ILO)*, *The Asia Foundation (TAF)*, *Plan International* at *USAid*.

Ang nasabing gawain ay naglalayong magbigay-impormasyon sa mga nagsidalong kinatawan ng iba't-ibang ahensya ng pamahalaan sa Luzon kabilang na ang sektor ng komunikasyon at media, kung anu-ano ang mga inisyatibong isinasagawa at iba pang mga plano ng pamahalaan, magpalokal man o nasyonal, ganundin ng mga *non-government organizations (NGOs)*, upang labanan ang *human trafficking*. Tinukoy rin sa nasabing okasyon ang mga problema at hamong kinaharap sa pagsusumikap na labanan ang *human trafficking*, at kung ano ang maaaring magawang solusyon sa mga ito.

Samantala, nagkaroon din ng kahalintulad na gawain kaugnay ng *anti-trafficking sub-conferences* sa Visayas at Mindanao na una nang isinagawa noon pang buwan ng Nobyembre 2007.

Matatandaang ang *Republic Act No. 9208* o ang *Anti-Traffiking in Persons Act of 2003* na nagpaparusa sa mapatutunayang nagkasala sa pangangalakal ng tao para sa *sexual exploitation*, sapilitang pagpapatrabaho, at pagpapabili ng mga bahagi ng katawan tulad ng *kidney*, *cornea*, atbp. ay naisabatas noong Mayo 26, 2003.

Kaugnay nito, ang *Palermo Protocol* kung kailan ilinakip ang mga lagda ng mga miyembro ng *United Nations (UN)* na ginanap sa *Palermo, Italy* noong ika-12 ng Disyembre 2003 na siya ring araw na idineklara bilang *International Day Against Child Trafficking*, ay ginugunita sa Pilipinas ngayon at ipinagdiriwang bilang isa sa mga lumagda *(signatory)* sa nabanggit na dokumento. ***sn***

## World Vision ...

*(Mula sa pahina 2)*

dalawang (2) ulit silang nagbigay ng pang-aliw na bilang.

Pinangunahan din ng mga sumusunod na kinatawan ng BCA ang pagbasa sa resulta ng Child Labor Congress na una nang isinagawa: Angel Tabornal, Marianne Suinan, Rowena Broqueza at Arnold Villanueva. Ito ay nakatuon sa mga isyu, usapin at hamon na kinakaharap ng BCA.

Ang katugunan dito ay ipinaabot naman ng mga kinauukulang tagapagsulong ng programa na kinabibilangan ng mga sumusunod: punong barangay mula sa mga barangay ng Dalas sa bayan ng Labo, Sta. Rosa Sur, Luklukan Norte, Sta. Elena at Luklukan Sur ng bayan ng Jose Panganiban; Jose Panganiban Mayor William A. Lim; Bokal Teresita Malubay; Lani Lagatuz ng Philippine Information Agency (PIA); Mariz Briñas ng Socio-Pastoral Action Center Foundation, Inc. (SPACFI); Gg. Emelita Lamadrid, PSDS Jose Panganiban West, at; G. Rene Padrigon ng Mabini Colleges (MC). Ang mga naturang "stakeholders" ay binigyan naman ng kaukulang pagkilala.

Nagkaroon din ng workshop on advocacy tools tulad ng flyers, leaflets at posters sa layuning makabuo ng isang angkop, kumprehensibo at epektibong information and education campaign (IEC) materials.

Samantala, grand winner naman si Gng. Mendita Tolentino ng Brgy. Luklukan Norte, Jose Panganiban sa Parents' Awareness Contest na isinagawa. Siya ang buong husay na nakatugon sa mga katanungan ng inampalan patungkol sa mga programa at proyektong ipinatutupad ng WVDF at ABK Initiative gayundin ang mga benepisyong ipinagkakaloob nito sa mga benepisaryong kabataan. Itinanong din sa kanila ang mga karapatan ng mga kabataan at kung paano nila ito isinasabuhay.

Ang grupo naman ng inampalan nito ay kinabibilangan nina Community Affairs Officer IV Purita P. Briñas ng Community Affairs Office-Office of the Governor (CAO-G.O.), Padrigon ng MC, Briñas ng SPACFI, Ivy Sta. Isabel, kinatawan ng Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO) Jose Panganiban, at; Maatubang ng ABK Initiative.

Bilang karagdagan, ang daloy ng 1-araw na aktibidad ay pinangasiwaan nina Gladess Maynes at Ana Rose Villablanca na mga miyembro ng Tinig Bulilit at sa pakikipagtulungan nina Liza Eyo at Nona Joson ng World Vision.-***LT IBASCO***

# Nakikipagsabwatan sa mga 'human traffickers' kakasuhan - Ombudsman Gutierrez

BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN
PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL
TAON 7, BLG. 6 DAET, CAMARINES NORTE DISYEMBRE 2007"
Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C. Norte
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com


Ombudsman Merceditas Gutierrez

Sa kanyang *key-note address* sa pagsisimula ng 2-araw (Dis. 11-12, 2007) na *Sub-National Conference on Anti-Trafficking in Persons for Luzon* na ginanap sa *Bayview Park Hotel* sa Manila, mariing ipinahayag ni Ombudsman Ma. Mer-

*(Sundan sa pahina 9)*

# Int'l. Day Against Child Trafficking (IDACT) ipinagdiwang sa lalawigan


Ms. Majella Pua, Training Officer, PACT

Pinangu-nahan ng pamahalaang panlalawigan ang pagdiriwang ng *International Day Against Child Trafficking (IDACT)* noong Disyembre 12, 2007 na nakatuon sa temang: *"Uphold and Protect the Rights and Dignity of the Trafficked Child"*.

Nakiisa sa naturang selebrasyon ang mga pamahalaang lokal sa labing-dalawang bayan ng Camarines Norte, pambansang ahensya at tanggapan, mga kinauukulang pansibikong samahan at organisasyong panrelihiyon, at ang publiko.

Tampok sa mga aktibidad nito ang pagwagayway ng istremer, *motorcade, advocacy parade* (mula Provincial Capitol hanggang *Central Plaza Mall*), at mga paligsahan tulad ng *poster-making, cheering group, essay writing, slogan* at *best radio clips*.

Sa programa nitong isinagawa sa *Central Plaza Mall Atrium*, naging panauhing pandangal at tagapagsalita si Ms. Majella Pua, *Training Officer* ng *Philippines Against Child Trafficking (PACT)-National Secretariat.*

Dumalo rin sa okasyon si Bokal Pamela Pardo-Pujalte na inilahad ang pinakamahahalagang nilalaman ng *Draft Resolution-Ordinance Regulating the Operation of Inter-*

*(Sundan sa pahina 8)*




***Ang isinagawang pagdiriwang ng Int'l Day Against Child Trafficking na inumpisahan sa pamamagitan ng isang motorcade sa buong lalawigan at advocacy parade patungo sa Central Plaza Mall kung saan idinaos ang isang maikling programa at dinaluhan ni Ms. Majella Pua, training officer ng Philippines Against Child Trafficking (PACT) National Secretariat. Samantala, iprinisenta ni SP Member Pamela Pardo-Pujalte ang kanyang resolusyon/ordinance ukol sa pagkontrol sa pagpapatakbo ng mga internet cafes sa lalawigan upang mapigilan ang lumalawak na cyber trafficking of persons atbp. Tinanggap ni Francis Lausin ng DWCN mula kina PSWDO Lorna de Claro, SP Member Tess Malubay, Ms. Majella Pua ang tropeyo at cash na papremyo nang siya ay magwagi sa best radio clips habang nakamasid sina Soroptimist Int'l-Daet Pres. Trining Relloso at Mercedes Juan, PHO.***

## Ang pamunuan ng BATINGAW ay malugod na bumabati ng
## Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon sa lahat!